SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG ABRIL 14, 2023, BIYERNES, IKA-10:27 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | .... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad – may karamdaman |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED By: [signature] 05 MAY 2023 Santa Cruz, Laguna

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RELEASED Name: Date: Time: Santa Cruz, Laguna

**KAPASIYAHAN BLG. 276-T2023**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KARAGDAGANG BADYET NG BARANGAY CALIOS, SANTA CRUZ, LAGUNA NA PINAGTIBAY SA BISA NG KAPASIYAHAN BLG. 012-T2023 / KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 01-T2023 NA MAY KABUUANG HALAGANG P3,439,573.22 MULA SA SURPLUS NG TAONG 2022 UPANG ILAAN PARA SA OTHER MOOE (P210,000.00); TRAINING EXPENSES (P200,000.00); TRAVELLING EXPENSES (P200,000.00); OTHER SUPPLIES AND MATERIALS (P85,000.00) AT BALANSENG WALANG PINAGLALAANAN (P2,744,753.22) NG BARANGAY.**

**SAPAGKAT,** may kahilingan ang Sangguniang Barangay ng Calios na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 012-T2023 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 01-T2023 na may kabuuang halagang P3,439,573.22 mula sa Surplus ng taong 2022 upang ilaan para sa Other MOOE (P210,000.00); Training Expenses (P200,000.00); Travelling Expenses (P200,000.00); Other Supplies and Materials (P85,000.00) at Balanseng Walang Pinaglalaanan (P2,744,753.22) ng barangay;

**SAPAGKAT,** ang naturang kahilingan ay iniliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT**, matapos ang pagsusuri at pag-aaral ay iminungkahi ng Tagapamuno ng nasabing lupon na pagtibayin na ito

**KUNG KAYA'T , DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan ng lahat ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Karagdagang Badyet ng Sangguniang Barangay ng Calios, Santa Cruz, Laguna na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 012-T2023 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 01-T20223na may kabuuang halagang P3,439,573.22 mula sa Surplus ng taong 2022 upang ilaan para sa Other MOOE (P210,000.00); Training Expenses (P200,000.00); Travelling Expenses (P200,000.00); Other Supplies and Materials (P85,000.00) at Balanseng Walang Pinaglalaanan (P2,744,753.22) ng barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Calios, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Abril 14, 2023**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS** 5-4-23
Punong Bayan

050423274